بسم الله الرحمن الرحيم

# INIHAHANDOG NI

**Al-Shaikh Al-Ustadz Doktor Ali Bin Sa'ad Al-Duwayhi.**
Kaanib ng Konseho na Kinatawan ng mga Matataas na Pantas

Sa ngalan ni Allah, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang. Nawa'y ang pagpapala at ang pangangalaga ay matamo ng mapagkakatiwalaang Sugo ni Allah ﷺ (si Propeta Muhammad) at ng kanyang mga mabubuting pamilya at mga kasamahan at ng sinumang nagpakabuting sumunod at sumubaybay sa kanilang mga aral hanggang sa huling araw. Ang mga sumusunod:

Ang Al-Ahsa Islamic Center sa lalawigan ng Al-Ahsa ay nagsasagawa ng isang marangal na misyon, ito ang pag-aanyaya sa mga dayuhang manggagawa sa dakilang bayang ito na mga hindi Muslim tungo sa Islam, at sa ganitong larangan ay nagbunga ang pagsisikap na ito, ayon sa kapahintulutan ni Allah ﷻ kung saan umabot na sa libo ang bilang ng mga bagong Muslim mula sa iba't-ibang kabansaan.

Tulad ng ginagampanan ng Al-Ahsa Islamic Center na dakilang tungkuling pagtuturo ng Islamikong kaalaman sa mga dayuhang Muslim, at iyan ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga programang paulit-ulit na mga pag-aaral, at naglagay ng mga Silabus ng mga Aralin na umaangkop sa kaisipan at kapasidad ng mga mag-aaral.

Kasama sa mga Silabus ng mga Araling iyan ay ang nailimbag na unang Aklat na pinamagatang (Bagong Muslim Ako... Anong Pag-aaralan Ko?) at ang mga paksa ng Aklat na ito ay kapaki-pakinabang, mahahalagang tema, madali ang pamamaraan, may malinaw na kuru-kuro at naaangkop sa mga kapatid na Bagong Muslim.

Hinihiling ko kay Allah ﷻ, sa pamamagitan ng Kanyang mga magagandang Pangalan at kataas-taasang mga Katangian, na ilagay Niya ang mabuting pagsisikap na iyan sa timbangan ng mga gawa ng mga nanunungkulan sa Al-Ahsa Islamic Center ng lalawigang Al-Ahsa. Tulad ng aking hinihiling kay Allah ﷻ na gabayan ang kanilang landas sa mga bagay na kamahal-mahal at kalugud-lugod sa Kanya na mga salita at mga gawa, tunay na Siya lamang ang Nagmamay-ari at may kakayahan ng mga iyan.

Ang pagpapala at kapayapaan ay matamo nawa ng ating Propeta na si Muhammad at ng kanyang mga pamilya at mga kasamahan at mga mabubuting tagasunod niya.

**Doktor Ali Bin Sa'ad Al-Duwayhi.**

# PANIMULA

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Allah, Panginoon ng lahat ng nilalang. Nawa'y ang pagpapala at ang pangangalaga ay matamo ng ating Propeta na si Muhammad at ng kanyang mga pamilya at mga kasamahan at ng sinumang nagpakabuti at sumunod sa kanila hanggang sa huling araw, ang mga sumusunod:

At kasama sa mga layunin ng Al-Ahsa Islamic Center ay ang paggabay sa mga Muslim sa tamang aral ng Islam, at lalo na ang pag-aanyaya sa mga hindi Muslim tungo sa Islam, at ang pagtuturo sa mga Bagong Muslim nang mga kapaki-pakinabang na kaalaman. At upang makamit ang mga layuning ito ay naglagay ng taunang programa ang Islamic Center, dito ginaganap ang mga pag-aaral upang ituro ang mga kaalamang islamiko. Kailangan sa mga pag-aaral na ito na mabigyang pansin ang bawat kalidad ng mga mag-aaral, at kung hanggang kailan ang tagal ng pag-aaral, gumamit ng pinakamainam na mga kasangkapan upang makamit ang mga layunin ng pag-aaral, at kinailangang maglagay ng mga Silabus ng mga Aralin na sasaklaw sa mga mahahalagang tamang kaalaman, sa pamamaraang malinaw, kasama ng paggamit ng mga kasangkapang pangkaalaman upang makamit ang mga hangarin sa pag-aaral, at naganap ang pinagpalang araling ito na nasa pagkakasunud-sunod para sa mga programang ito.

At ninanais ng Al-Ahsa Islamic Center na mapakinabangan ang mga Silabus na ito ng maraming mga tanggapan ng pagpapatnubay at mga Islamic Center sa buong mundo, naging ganap ang pag-iingat sa bawat paksa sa pamamaraang detalye, madali at magaan na sang-ayon sa itinakdang hangganan ng programa na siyang naitakdang hangganan nito sa bawat Silabus, at ganun din na kasiya-siyang naibabagay sa kung ano ang nararapat na paggamit nito ayon sa tamang oras, lugar at panahon na nababagay.

Sa kapahintulutan ni Allah ﷻ, Sana'y makapagpuno ang mga Silabus na ito sa mga kakulangan ng mga mahahalagang katuruan at gawing madali ang pagsasagawa ng pagtuturo. At ang Aklat na ito na nasa inyong mga kamay (Bagong Muslim Ako... Anong Pag-aaralan Ko?) ay pangunahing pag-aral na kasama sa mga araling de-serye na isinasagawa ng Al-Ahsa Islamic Center ang paghahanda at paglilimbag nito.

Hinihiling namin kay Allah ﷻ na nawa'y gawin Niya ang Aklat na ito na kapaki-pakinabang at gantimpalaan ang lahat ng tumulong upang mailimbag ito, tunay na Siya lamang ang Nagmamay-ari at may kakayahan ng mga iyan, at ang lahat ng papuri ay ukol kay Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilikha at ang pagpapala at pangangalaga ni Allah ay matamo ng ating Propeta na si Muhammad at ang kanyang mag-anak at mga kasamahan.

ABDULRAHMAN S. AL-JUGHAIMAN
Director of Al-Ahsa Islamic Center



# PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh ﷻ, ang nagbiyaya sa atin ng patnubay sa Relihiyong ito (Islam), hindi tayo mapapatnubayan kung hindi tayo ginabayan ni Allah ﷻ, tayo ay Kanyang iniligtas mula sa karimlan (pagkaligaw) tungo sa kaliwanagan (tamang landas, ang Islam), mula sa kaligaligan tungo sa kapanatagan at mula sa kabuktutan tungo sa kasiyahan. Nawa ay ang pagpapala at kapayapaan ay matamo ni Propeta Muhammad, ang ipinadala ni Allah ﷻ, bilang tagapatnubay, tagapagbalita ng kabutihan, tagapagbabala ng kasamaan at tagapag-anyaya para kay Alláh ﷻ, na sa Kanyang kapahintulutan ay naging ilaw na maliwanag, ipinahayag sa kanya ang Banal na Qur-an na gagabay sa mga matutuwid, ipinadala siya ni Allah bilang awa sa lahat ng nilikha. ang mga sumusunod:

## BAKIT ANG AKLAT NA ITO?

Patuloy na nadaragdagan ang bilang ng mga yumayakap sa Islam, mula sa iba't ibang kabansaan bawat araw sa lahat ng lugar at ang papuri ay kay Alláh lamang. Kasama sa mga pasanin ng mga Mangangaral ng Islam ay ang dakilang tungkulin na pagtuturo sa kanila ng mga bagay na may kinalaman sa kanilang Relihiyon at kung ano ang kanilang mga tungkulin at mga kailangang gampanan mula sa mga karapatan ng kanilang samahan bilang isang Bagong Muslim.

At hindi lingid sa kaalaman ng lahat na maraming mga pag-uutos at mga tungkuling Islamiko na ipinag-uutos sa isang Bagong Muslim na isagawa agad pagyakap niya sa Islam, tulad ng Salah at mga bagay na may kinalaman rito na mga alituntunin na kung saan hindi magiging tama ang Salah kung hindi ito maisasagawa.

Sa larangan ng pagbabasa, mapapansin ng isang mambabasa na ang karamihan sa mga araling aklat para sa Bagong Muslim ay may kakulangan sa bahagi ng pagtuturo na kung saan ito ang pagsasakatuparan at pagsasanay, siya rin ang dahilan kung bakit kinailangang magkaroon ng mga programang masinsinang pangangaral na haharap sa mga grupong ito (mga Bagong Muslim) sa unang araw ng pagpasok nila sa Islam, upang ihandog sa kanila ang mga bagay na hindi dapat isawalang-bahala ng Muslim sa Relihiyong Islam, sa madali at magaang pamamaraan, sa lalong madaling panahon. at ang Al-Ahsa Islamic Center ay pinasan ang tungkuling pagtuturo sa mga Bagong Muslim, mula noong mahigit labinlimang taon na ang lumipas. At sinadyang maglagay ng isang saligang silabus para sila ay maturuan ng husto, sa pamamagitan ng mga pagsubok at mga karanasan sa pangangaral sa loob ng maraming taon ay naganap ang pagtatakda sa Silabus na ito, upang ihandog ang maayos na pamamaraan para sa pagtuturo ng Bagong Muslim nang mga kabuuang alituntunin at mga kautusan sa Islam, kung saan kinakailangang matutunan agad sa lalong madaling panahon, sa madali at malinaw nitong pamamaraan.

## SINO ANG PINAGLALAANAN?

Ang mga Bagong Muslim sa unang linggo mula ng sila ay yumakap sa Islam.

## MGA KAWIKAAN NG AKLAT

**1.Bagong Muslim:** bagong pasok sa Islam.
**2-Tagapagturo:** Mangangaral ng Islam, may sapat na kaalaman at kakayahang ituro ang mga saligang kaalaman na nasa Aklat na ito.
**3- Ang Unang Linggo:** maikling panahon na sunud-sunod simula sa araw ng pagyakap ng Bagong Muslim sa Islam, itinakda ang tagal para sa pagtuturo ng Aklat na ito.

## GABAY SA PAGGAMIT

1- Ang Aklat na ito ay para sa Bagong Muslim na wala pang alam sa mga alituntunin at kautusan sa Islam, kung saan kailangan niyang gampanan agad pagkatapos niyang yumakap sa Islam.
2- Ang panahon upang ituro ang mga paksa sa Aklat na ito ay isang linggo, ngunit maaaring paikliin o pahabain ayon sa pangangailangan.
3- Iniwasto ang mga paksa ng Aklat ayon sa kung ano ang mas mahalaga. Kung saan ang pinakamahalaga ay dapat unahin.
4- Hinayaang may bakante ang bawat dulo ng pahina, na maaaring magamit ng Bagong Muslim bilang talaan ng kanyang mga puna at mga sariling pagpapaliwanag.
5- Kinakailangan sa isang Tagapagturo ng Aklat na ito na gampanan ang unti-unting pamamaraan ng pagtuturo ayon sa talatuntunan ng paksa.
6- Maaaring ituro ang Aklat na ito ng pang-isahan o pangmaramihan at mas mainam na sa kalagitnaan ng pag-aaral ay gamitin ang lahat ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo.
7- Bibigyan ng sariling kopya ng Aklat ang Bagong Muslim sa umpisa ng pag-aaral.
8- Kailangan sa Tagapagturo na gampanan ang mga paksa ng Aklat at sundin ang mga patnubay na nakasaad dito, upang hindi maguluhan ang isipan ng Bagong Muslim.
9- Kailangan sa Tagapagturo na liwanagin sa unang pag-aaral ang kabuuan ng Silabus na sinusunod sa pag-aaral ng Aklat na ito, kung ano ang hangarin at kung ano ang kinakailangang ibahagi ng isang Bagong Muslim sa panahon ng mga pag-aaral at sa pagkatapos nito.

## KALIDAD NG MGA KAALAMAN SA AKLAT

Ang mga kaalaman na mayroon sa Aklat na ito ay ganap na narepaso, pinatutunayan at siniguro na ito ay sumasang-ayon sa Banal na Qur-an at tamang Sunnah, at iyan ay dahil sa pagsasangguni sa mga nagsasaliksik ng kaalamang Islam at sa pinagkukunan ng kaalaman na mapagkakatiwalaan. Ito ay nababagay sa unang antas ng isang Bagong Muslim, pagkatapos niyang yumakap sa Islam, ihahandog sa kanya ang mga saligang kaalaman na kinakailangan malaman ng sinumang Muslim, si Allah ang nagpapahintulot.



# TALATAKDAAN NG MGA PAG-AARAL


| Ang Araw[1] | Paksa ng Pag-aaral | Pahina |
|---|---|---|
| Ang Una | Mga Haligi ng Islám | 10 |
| | Mga Haligi ng Imán | 11 |
| | Ang Wudú (Pagsasagawa lamang) | 12 |
| | Ang Saláh (Pagsasagawa lamang) | 12 |
| Ang Pangalawa | **Ang Wudu:** | |
| | 1. Kahigtan nito. 2. Pamamaraan nito (Paliwanag) | 16 |
| | 3. Mga nagpapawalang-bisa sa Wudu | 20 |
| | 4. Mga Ipinagbabawal na gawain ng walang Wudu | 21 |
| | **Ang Pagpunas sa dalawang Khuff at dalawang medyas:** | |
| | 1. Ang Legalidad nito. 2. Ang Pamamaraan nito. (Paliwanag) | 22 |
| | 3. Ang Taglay na tagal nito. 4. Ang Nagpapawalang-bisa rito | 23 |
| | **Ang Paliligo:** | |
| | 1. Ganap na Pamamaraan ng Paliligo. 2. Sapat na Pamamaraan ng Paliligo | 24 |
| | 3. Mga Kailangan Gawin sa Paliligo. 4. Mga Bawal Gawin ng Sinumang nasa Kondisyon ng Junub | 25 |
| | 5. Mga Bawal Gawin ng mayregla at dinudugo sanhi ng panganganak | 26 |
| | **Pagpunas sa dalawang Khuff** (Pagsasagawa) | 26 |
| | **Ang Wudu at ang Salah** (balik-aral) | 26 |
| | **Mga Alituntunin ng Haydh, Istihadah at Nifas** | 27 |


[1] *Ipinamahagi ang mga paksa sa loob ng walong araw, ayon sa itinakdang Silabus ng Al-Ahsa Islamic Center, upang turuan ang bagong Muslim, sa mga bagay na hindi maaaring ipagwalang-bahala ng bawat Muslim, sa loob ng labindalawang oras na pagsasanay, maaaring sa pang-isahan o sa ibang bagay na makikinabang sa Aklat na ito na ipamahagi ang mga paksa ayon sa nababagay na oras at pagkakataon sa kondisyong gampanan ang pagkasunud-sunod at ang itinakdang kabuuang kaalaman.*

| | | |
|---|---|---|
| Ang Pangatlo | **Ang Saláh:**<br>- Kahalagahan ng Salah at Kahigtan nito.........................................<br>- Mga Itinakdang Tungkuling Salah (Mga Rak-ah at Oras nito)........<br>- Kabanata Al-Fatihah (Pagsasaulo)..................................................<br>- Ang Wudu at ang Salah (balik-aral)..................................................<br>- Ang Pagpunta sa Masjid upang isagawa ang Salah kasama ng grupo................................................................................................... | Pahina<br>31<br>32<br>33<br>33<br>33 |
| Ang Pang-apat | **Ang Saláh:**<br>- Pamamaraan ng Saláh (Paliwanag)............................. ....................<br>- Ang Tashah-hud (Pagsasaulo).............................................................<br>- Kabanata Al-Fátihah (balik-aral).........................................................<br>- Ang Wudú at ang Saláh (balik-aral)..................................................... | 37<br>44<br>44<br>44 |
| Ang Panglima | **Ang Saláh:**<br>- Ang Salawat (Panalangin at Pagbati) para kay Propeta Muhammad ﷺ (pagsasaulo).....................................<br>- Kabanata Al-Fátihah at Tashah-hud (balik-aral)............................<br>- Ang Wudú at ang Saláh (balik-aral)....................................................... | 49<br>49<br>49 |
| Ang Pang-anim | **Ang Saláh:**<br>- Kabanata Al-Ikhlás. (pagsasaulo)......................................................<br>- Kabanata Al-Fatihah (balik-aral).........................................................<br>- Ang Tashah-hud at Salawat para kay Propeta Muhammad ﷺ (balik-aral)...............................................................................................<br>- Ang Wudu at ang Salah (balik-aral)..................................................... | 52<br>52<br>52<br>52 |
| Ang Pampito | **Ang Saláh:**<br>- Kabanata Al-As'r at Al-Kawthar (pagsasaulo)................................<br>- Kabanata Al-Fátihah at Al-Ikhlás (balik-aral).................................<br>- Ang Tashah-hud at Salawat para kay Propeta Muhammad ﷺ (balik-aral).............................................................................................<br>- Ang Wudú at ang Saláh (balik-aral)................................................ | 55<br>56<br>56<br>56 |
| Ang Pangwalo | Pagtutuwid | 57 |




## Pangkalahatang Mga Layunin sa Aklat na ito

Inaasahan sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay makamit ang mga sumusunod na layunin:

**Una: Ang mga Layuning Pagpapakarunong**

1. Mabanggit ang mga haligi ng Islám.
2. Mabanggit ang mga haligi ng Imán.
3. Maipaliwanag ang pamamaraan ng Wudu.
4. Maipaliwanag ang tamang pamamaraan ng Ghusl.
5. Maipaliwanag ang mga alituntunin ng pagpunas sa Khuff at medyas.
6. Mabilang ang mga itinakdang tungkulin na Salah.
7. Mabanggit ang kahigtan ng mga ubligadong Salah.
8. Matukoy ang mga oras ng mga ubligadong Salah.
9. Matukoy ang bilang ng mga Rak-ah ng bawat Salah.
10. Maisaulo ang ibang mga maiigsing Kabanata.
11. Mabasa ang mga panalangin sa Salah.

**Ikalawa: Ang mga Layuning Pagpapakahusay**

1. Isasagawa nang wasto ang mga galaw ng mga ubligadong Salah.
2. Isasagawa nang wasto ang mga galaw ng Wudu.
3. Pupunasan nang wastong pagpunas ang dalawang Khuff at medyas.

## Mga Mungkahing Pamamaraan sa Pagtuturo

- ➔ Ang salitaan at talakayan.
- ➔ Ang pagsasagawa.
- ➔ Ang pagtutulungang pag-aaral.
- ➔ Ang pagpapangkat-pangkat ng maliliit na grupo.
- ➔ Ang pagpili ng mga natatangi.
- ➔ Ang pagtatanong na may puntirya.
- ➔ Ang pagdidikta.

UNANG ARALIN

# MGA HALIGI NG ISLÁM AT IMÁN



## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ang:

1. Mabanggit ang mga haligi ng Islam nang kompleto
2. Mabanggit ang mga haligi ng Iman nang kompleto.
3. Isasagawa ang Wudu sa tama nitong pamamaraan.
4. Isasagawa ang Salah kasama nang pagbigkas sa mga Adhkar.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Mga Haligi ng Islam at Iman | 25 |
| Pagsasagawa ng Wudu | 25 |
| Pagsasagawa ng Salah | 25 |
| Pagsisiguro na narating ang Hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Kartelon ng mga Haligi ng Islam.
2. Kartelon ng mga Haligi ng Iman.
3. Iba't-ibang Paskil ng bawat haligi ng Islam at Iman.
4. Iba't-ibang larawan ng pagsasagawa ng Wudu at ng Salah at ang pagkasunud-sunod nito na naaayon sa pangangailangan ng Bagong Muslim.

## UNA

### MGA HALIGI NG ISLÁM

Itinayo ang Islam sa limang haligi, hindi magiging ganap na Muslim ang isang tao hangga't hindi niya ito tanggapin, isakatuparan nang kompletong pananampalataya ng may katapatan at pagkadalisay. Ayon kay Abdullah anak ni Omar, kalugdan nawa silang dalawa ni Allah ﷻ, sinabi niya: " sinabi ng Sugo ni Allah ﷺ

"بني الإسلام على خمس شهادة أن لا إله إلا الله وأن محمدًا عبده ورسوله، وإقام الصلاة، وإيتاء الزكاة، والحج، وصوم رمضان" . (متفق عليه)

*' itinayo ang Islam sa limang haligi, ang pagsaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah ﷻ lamang at pagsaksi na si Muhammad ay tunay na Lingkod at Sugo ni Allah ﷺ, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng Zakah, ang Hajj at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan.'* "

### ANG MGA HALIGI NG ISLAM AY

1. Ang dalawang pagsasaksi. (Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah lamang at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay tunay na Sugo ni Allah).
2. Pagsasagawa ng Salah.
3. Pagbibigay ng Zakah.
4. Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan.
5. Pagsasagawa ng Hajj para sa sinumang may kakayahang pumunta rito.

Kahulugan ng "ASH-HADU AN LÁ ILÁHA IL-LALLÁH" katotohanan, walang ibang dapat sasambahin maliban kay Allah lamang, karapat-dapat sa Kanya ang lahat ng uri ng pagsamba: tulad ng Pagkatakot, Pag-asa, Pagtitiwala, Paghingi ng tulong, Pagtawag ng saklolo, Panalangin, Pagyuko, Pagpapatirapa at iba pang tulad nito. Si Allah ﷻ, ang tunay na Diyos, at ang lahat ng sinasamba bukod sa Kanya ay diyos na walang saysay.

Ang Pagsasaksing ito ay kabuuan ng pagtatatwa at pagpapatibay: Pagtatatwa sa lahat ng uri ng pagsamba na hindi para kay Allah ﷻ, at pagpapatibay sa lahat ng uri ng pagsamba na nauukol lamang kay Allah ﷻ, bukod tanging nag-iisa, wala Siyang katambal.

At ang kahulugan ng "ASH-HADU AN-NA MUHAMMADAN RASULULLÁH" katotohanan, si Muhammad (sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan) ay tunay na Sugo ni Allah ﷻ, tungkulin ang pagsunod sa lahat ng ipinag-utos niya, paniwalaan ang lahat ng ibinalita niya, at iwasan ang lahat ng ipinagbawal niya at ipagbawal at hindi tayo sasamba kay Allah nang hindi sa pamamaraang ipinag-utos niya.

**MGA PALAISIPAN**

- Kailan magiging Muslim ang isang tao?
- Magiging tama ba ang pagiging Muslim ng isang tao na tinatanggap niya ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at ang pagsasakatuparan ng Hajj, ngunit tinanggihan niya ang pagbibigay ng Zakah?





## PANGALAWA

### MGA HALIGI NG IMAN

Ang Imán (pananampalataya) ay may anim na haligi, hindi magiging ganap ang Iman ng isang lingkod hangga't hindi niya paniwalaan ang lahat ng ito.

عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه أن رجلا سأل رسول الله ﷺ عن الإيمان فقال:

أن تؤمن بالله وملائكته وكتبه ورسله واليوم الآخر والقدر خيره وشره. (رواه الإمام مسلم)

Ayon kay Omar Bin Al-Khattáb: " may isang lalaki ang nagtanong kay Propeta Muhammad ﷺ tungkol sa Iman at sinabi niya *(Propeta ﷺ) : ' Ang maniwala ka kay Allah at sa Kanyang mga anghel at sa Kanyang mga kasulatan at sa Kanyang mga sugo at sa huling araw at sa Tadhana, mabuti man ito o masama*".

### ANG MGA HALIGI NG IMAN AY

1- Ang maniwala kay Allah.

2- Ang maniwala sa mga Anghel.

3- Ang maniwala sa mga Kasulatang ibinaba mula kay Allah ﷻ.

4- Ang maniwala sa mga Sugo.

5- Ang maniwala sa Huling Araw.

6- Ang maniwala sa Tadhana, mabuti man ito o masama.

**MGA PALAISIPAN**

- Ano ang hatol sa taong hindi naniniwala sa muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan?
- Tama ba ang pananampalataya ng isang lalaki na naniniwala kay Allah at sa Kanyang mga anghel, ngunit hindi naniniwala sa mga Sugo?

PANGATLO

## ANG PAGSASAGAWA NG WUDU

Isasakatuparan ko ang Wudu.

PANG-APAT

## ANG PAGSASAGAWA NG SALAH

Pag-aaralan ko lamang ang mga galaw sa Salah at isasaulo ko ang "**SUB-HÁNALLÁH**", at "**AL-HAMDU LILLÁH**", at "**LÁ ILÁHA IL-LALLÁH**" at " **ALLÁHU AKBAR**". Upang bigkasin ko ito sa bawat posisyon na dapat nitong pagsabihan sa loob ng Salah, hanggang maiwasto ko ang lahat ng Adhkar sa bawat posisyon ng Salah.





## (( SUSUBUKIN KO ANG AKING KAALAMAN ))

**Lalagyan ko ng tsek (√ ) ang unahan ng pariralang tama at ekis ( X ) ang unahan ng pariralang mali.**

- ☐ Sinuman ang nagpaliban ng Salah, ay katiyakang nag-iwan ng isa sa mga haligi ng Islam.
- ☐ Sinuman ang hindi maniwala sa Tadhana, ay katiyakang hindi naniwala ng isa sa mga haligi ng Iman.
- ☐ Ang Muslim ay ang nagsasagawa ng mga ubligadong Salah.
- ☐ Ang pagbigkas ng dalawang Shahadah ay unang hakbang para sa pagpasok sa Islam.
- ☐ Ang pagsasagawa ng Hajj sa banal na pook dalanginan kay Allah ﷻ ay isa sa mga haligi ng Islam.

**Isusulat ko ang kulang sa mga sumusunod:**

Mga Haligi ng Iman ay:

Ang maniwala kay ______________________

Ang maniwala sa ______________________

Ang maniwala sa ______________________

Ang maniwala sa ______________________

Ang maniwala sa ______________________

Ang maniwala sa ______________________

IKALAWANG ARALIN

# ANG WUDÚ AT ANG GHUSL



## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Masabi ang bilang ng pagkasunud-sunod ng kompletong Wudu.
2. Maisagawa ang Wudu.
3. Masabi ang bilang ng mga nagpapawalang-bisa sa Wudu, pinakamaliit ay apat
4. Maipaliwanag ang mga alituntunin ng pagpunas sa dalawang Khuff at medyas.
5. Mabanggit ang pamamaraan ng Ghusl.
6. Maipaliwanag ang mga kinakailangan sa Ghusl.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Ang Wudu | 25 |
| Ang Pagpunas sa dalawang Khuff at sa dalawang medyas | 10 |
| Ang Pamamaraan at ang mga dahilan na kinakailangan ng Ghusl | 25 |
| Balik-aral sa pagsasagawa ng Wudu at ng Salah | 15 |
| Pagsisiguro na nakamit ang mga hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Video tape tungkol sa pamamaraan ng Wudu.
2. Mga larawan tungkol sa pamamaraan ng Wudu.
3. Mga kartelon tungkol sa mga nagpapawalang-bisa sa Wudu at kung ano ang mga kinakailangan sa Ghusl.
4. Talatuntunan bilang paghahambing sa mga ipinagbabawal na gawain ng taong walang Wudu at ng taong nasa kondisyon ng Junub.

UNA

## ANG WUDU

### A. ANG KAHIGTAN NG WUDU

Naiulat ang maraming Hadith tungkol sa kahigtan ng Wudu, kasama na rito ang sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ:

(( من توضأ فأحسن الوضوء، خرجت خطاياه من جسده، حتى تخرج من تحت أظفاره )). (رواه الإمام مسلم)

"*Sinuman ang magsagawa ng Wudu na pinagbutihan ang pagsasagawa nito, ay lalabas ang kanyang mga kasalanan mula sa kanyang katawan, hanggang sa lumabas ito sa kanyang mga kuko*".

### B. PAMAMARAAN NITO

1- Isasapuso ko ang aking layunin sa Wudu.

2- Sasabihin ko ang "BISMILLÁH".

3- Huhugasan ko ang mga kamay nang tatlong beses. (tingnan ang larawan 1)

1 larawan ng paghuhugas ng mga kamay.





IKALAWANG ARALIN ANG WUDÚ AT ANG GHUSL

4- Magmumumog ako nang tatlong beses. (tingnan ang larawan 2)

2 larawan ng pagmumumog.



5- Sisinghot ako ng tubig sa ilong at ilalabas ko ito nang tatlong beses. (tingnan ang larawan 3)

3 larawan ng pagsinghot.



6- Huhugasan ko ang mukha nang tatlong beses, mula sa may buhok sa ulo hanggang sa pinakaibaba ng baba, at mula sa tainga hanggang sa kabilang tainga.
(tingnan ang larawan 4)

Huhugasan ko ang balbas at ilalim ng baba kung ito ay manipis at kung ito ay makapal ay huhugasan ko ang ibabaw nito at kukuskusin ko ito.



4 larawan ng paghuhugas ng mukha.

7- Huhugasan ko ang mga kamay at braso kasama ang mga siko nang tigtatatlong beses.
(tingnan ang larawan 5- A at B)



5-A larawan ng paghuhugas ng kanang-kamay.

5-B larawan ng paghuhugas ng kaliwang-kamay.





IKALAWANG ARALIN ANG WUDÚ AT ANG GHUSL

8- Babasain ko ang aking mga kamay at ihahaplos sa ulo nang isang beses.
(Hahaplusin ko mula unahan ng ulo hanggang sa hulihan nito, pagkatapos ay ihahaplos ko rin ito pabalik). (tingnan ang larawan 6- A at B)



6-A lawaran ng pagpunas sa unahan ng ulo.

6-B larawan ng pagpunas sa hulihan ng ulo.



9- Hahaplusin ko nang isang beses ang mga tainga: ipapasok ko ang mga hintuturo sa butas ng aking mga tainga at ihahaplos ko naman ang hinlalaki sa likod nito.
(tingnan ang larawan 7)

7 larawan ng paghaplos sa mga tainga.



| | |
|---|---|
| 10- | Huhugasan ko ang mga paa kasama ang bukung-bukong, nang tigtatatlong beses. (tingnan ang larawan 8- A at B) |



8- A larawan ng paghuhugas sa kanang-paa.

8-B larawan ng paghuhugas sa kaliwang-paa.



## K. MGA NAGPAPAWALANG-BISA SA WUDU

Ito ay lima:

| | |
|---|---|
| 1 | Ang lahat ng lumalabas sa labasan ng ihi at dumi (ay nakasisira ng Wudu) tulad ng Ihi, Dumi, Utot, Madhi,[2] at Wadi [3]. |
| 2 | Ang paglabas ng marumi, na hindi lumabas sa labasan ng ihi at dumi, tulad ng maraming dugo, ihi, dumi at ang malakas na balinguyngoy. |
| 3 | Ang pagkawala ng malay sa ano pa mang kadahilanan, ito man ay dahil sa pagkatulog nang mahimbing (at wala ng malay sa kapaligiran), pagkabaliw, pagkahimatay, pagkahilo, o kaya'y dahil sa gamot. |
| 4 | Ang paghawak sa maselang bahagi ng katawan na walang sapin. |
| 5 | Ang pagkain ng karne ng kamelyo. |

[2] Ito ay likidong maputi at malagkit, lumalabas sanhi ng pag-iisip ng pagnanasang sekswal o pakikipaglambingan.
[3] Ito ay likidong maputi at malapot, lumalabas pagkatapos umihi.





## D. MGA IPINAGBABAWAL KAPAG WALANG WUDU

| | |
|---|---|
| 1 | Ang pagsasagawa ng Salah. |
| 2 | Ang pagsasagawa ng Tawaf sa Ka'bah. |
| 3 | Ang paghawak ng Qur-an na walang sapin. |

**MGA PALAISIPAN**

- Nagsagawa ng Wudu ang isang lalaki at pagkatapos ay natulog nang hindi mahimbing habang nakaupo, mawawalan ba ng bisa ang kanyang Wudu?
- Nagsagawa ng Wudu ang isang lalaki at pagkatapos ay hinaplos niya ang maselang bahagi ng kanyang katawan sa ibabaw ng kanyang damit, uulitin ba niya ang kanyang Wudu?
- Nagsagawa ng Wudu ang isang lalaki at pagkatapos ay kumain ng karne ng tupa, magsasagawa pa ba ng Wudu para sa Salah?
- Nagsagawa ng Wudu ang isang lalaki, hinugasan niya ang kanyang mga paa, pagkatapos ay hinugasan niya ang kanyang mukha at hinaplos niya ng basang kamay ang kanyang ulo, pagkatapos ay hinugasan niya ang kanyang mga kamay, banggitin mo ang ginawa niyang kamalian sa kanyang Wudu?

PANGALAWA

## ANG PAGPUPUNAS SA IBABAW NG DALAWANG KHUFF AT MEDYAS

Kasuutan ng mga paa, kung ito ay yari sa balat ito ay tinatawag na Khuff, at kung ito ay hindi yari sa balat tulad ng yari sa lana o sa bulak o sa linen, ito ay medyas, nagiging katayuan ng Khuff ang sapatos kapag natakpan nito ang dapat takpan.

### A. Ang Legalidad nito

Kapag ang isang tao ay nakasuot ng mga Khuff o mga medyas at nais niyang magsagawa ng Wudu, maaari sa kanya ang pagpunas sa ibabaw ng mga Khuff o mga medyas ayon sa mga kondisyong sumusunod:

1. Isusuot ito nang nasa Taharah ng tubig (at hindi Tayam-mum)
2. Kailangan matakpan ang mga paa kasama ang mga bukung-bukong.

### B. Ang Pamamaraan nito

Babasain ko ang kamay at pagkatapos ay ipupunas ko ito sa halos lahat ng bahaging ibabaw ng mga Khuff o mga medyas. (tingnan ang larawan 9)

9 larawan ng pagpunas sa mga Khuff o mga medyas.







### K. Ang Taglay na Tagal nito

Maaari sa hindi naglalakbay na punasan ang ibabaw ng kanyang dalawang Khuff o dalawang medyas (sa halip na hubarin ito at hugasan ang mga paa) sa loob ng isang araw at isang gabi (24 oras) at para naman sa naglalakbay ay tatlong araw at tatlong gabi (72 oras) at magsisimula ang haba ng panahon ng pagpupunas: mula nang unang punasan ang ibabaw nito pagkatapos mawalan ng bisa ang Wudu.

### D. Ang Mga Nagpapawalang-bisa rito

1. Kapag natapos na ang haba ng panahon nito.
2. Kapag kinailangan ang Paliligo. (isusunod ang pagpapaliwanag nito)
3. Kapag hinubad ang Khuff o medyas.

**MGA PALAISIPAN**

- Nagsagawa ng Wudu ang isang lalaki at isinuot ang mga medyas at pagkatapos ay hinubad ito at pagkatapos ay isinuot itong muli, maaari pa bang punasan pang muli ang ibabaw nito?
- Pinunasan ng isang lalaki ang buong ibabaw at ilalim ng kanyang mga Khuff, anong masasabi mo sa kanya?

PANGATLO

## ANG GHUSL

### A. Ang Ganap na Pamamaraan ng Ghusl (Paliligo)

| | |
|---|---|
| 1 | Isasapuso ko ang layunin ng Taharah (paglilinis). |
| 2. | Sasabihin ko ang: BISMILLÁH. |
| 3. | Huhugasan ko ang aking mga kamay nang tigtatatlong beses. |
| 4. | Huhugasan ko ang maselang bahagi ng aking katawan. |
| 5. | Magsasagawa ako ng kompletong Wudu, tulad ng Wudu na para sa Salah, bubuhusan ko ng tubig ang aking ulo nang tatlong beses hanggang sa mabasa lahat ang buhok ko sa ulo, pagkatapos ay huhugasan ko ang aking mga paa, at maaari ko rin ihuli ang paghuhugas nito hanggang sa makompleto ang paliligo. |
| 6. | Bubuhusan ko ng tubig ang buong katawan, sisimulan sa bandang kanan at pagkatapos ay sa bandang kaliwa, kasama ang mga kilikili at loob ng mga tainga at pusod, ganun din ang mga bahagi sa katawan na maaaring hilurin. |

### B. Ang Sapat na Pamamaraan ng Ghusl

Isasapuso ko ang pagsasagawa ng Taharah at bibigkasin ko ang BISMILLÁH, pagkatapos ay bubuhusan ko ng tubig ang buong katawan at sa bahaging loob ng bibig at ng ilong naman ay sa pamamagitan ng pagmumumog at pagpasok ng tubig sa ilong at pagsinga.





### K. Ang Mga Kinakailangan ng Ghusl

| | |
|---|---|
| 1 | Kapag lumabas ang Maní (semen) sa anumang kadahilanan; pakikipagtalik o nanaginip na nakikipagtalik. o sa ibang kadahilanan; gaya ng dahil sa paghimas at pagtingin. (siya'y nasa kondisyon na ng Junub) |
| 2 | Kapag nagtagpo ang ari ng lalaki at babae, kahit wala pang lumabas na Maní sa kanilang dalawa. |
| 3 | Kapag dinatnan ng Hayd ( Regla ) o Nifas (pagdurugo sanhi ng panganganak) ang isang babae, sa kondisyon na maliligo lamang kapag huminto na ang dugo. |
| 4 | Kapag pumasok sa Islam ang hindi Muslim. |
| 5 | Kapag namatay, maliban sa namatay na Shahíd (martir) sa digmaan. |

### D. Ang Mga Ipinagbabawal na Gawain Kapag nasa Kondisyon ng Junub

| | |
|---|---|
| 1. | Ang Salah. |
| 2. | Ang Pagsasagawa ng Tawaf sa Ka'bah. |
| 3. | Ang Paghawak ng Qur-an. |
| 4. | Ang Pagbabasa ng Qur-an. |
| 5. | Ang Pananatili sa loob ng Masjid, maliban kung nagsagawa ng Wudu. |

### E. Ang mga Ipinagbabawal Gawin kapag may Hayd o Nifas ang isang Babae

| | |
|---|---|
| 1 | Ang Pagsasagawa ng Salah. (hindi na kailangang bayaran) |
| 2 | Ang Pag-aayuno. (ngunit kailangang bayaran ang mga araw na hindi siya rito nakapag-ayuno sa buwan ng Ramadan) |
| 3 | Ang Tawaf (pag-ikot) sa Ka'bah. |
| 4 | Ang Pananatili sa loob ng Masjid. |
| 5 | Ang Paghawak ng Qur-an. (maaari niyang basahin ang Qur-an at hawakan kung mayroong sapin tulad ng guwantes) |
| 6 | Pakikipagtalik. |

**MGA PALAISIPAN**

- Isang lalaking nakipagtalik sa kanyang asawa, pagkatapos ay ninais niyang magbasa ng Qur-an, ano ang dapat niyang gawin?
- Dinatnan ng buwanang dalaw ang isang babae at pagkatapos ay huminto ito bago dumating ang oras ng Salah, ano ang gagawin niya?

**PANG-APAT**

ANG PAGPUPUNAS SA KHUFFAYN (Pagsasakatuparan)

**PANGLIMA**

ANG WUDU AT ANG SALAH (Pagsasagawa - Balik-aral)





### MGA ALITUNTUNIN NG HAYD, ISTIHADAH AT NIFAS

| | NIFÁS | ISTIHÁDAH | HAYD |
|---|---|---|---|
| Pakahulugan | Dugong lumalabas sa isang buntis sanhi ng panganganak o bago manganak | Dugong kulay pula na patuloy na lumalabas at kakaiba ito sa dugo ng Hayd (regla), sa kulay, sa labnaw at amoy. | Dugong pangkaraniwan at ang uri nito ay maitim na malapot nanggagaling sa sinapupunan ng babae |
| Oras ng paglabas | Kasama ng panganganak o bago manganak ng isang araw o dalawang araw o tatlo. | Wala itong takdang oras, ito ay hindi inaasahang dumarating sa mga kababaihan | mula sa gulang na (9) na taon hanggang huminto sa gulang na (50) taon sa karamihan |
| Taglay na Tagal | Ang pinaka matagal ay (40) araw at walang takdang panahon ang pinaka madali nito | Wala itong takdang panahon | Pinakamaikli ay: isang araw at isang gabi.<br>Ang karamihan ay: (6) o (7) na araw, lahat ng iyan ay kadalasan nangyayari bawat buwan.<br>Ang pinaka matagal ay: (15) na araw. |
| Mga Kailangang Gawin | 1.Ang paliligo kapag huminto na.<br>2.Bayaran ang mga nakaligtaang Pag-aayuno. | Magsagawa ng Wudu sa bawat oras ng Salah | 1.Ang paliligo kapag huminto na.<br>2.Bayaran ang mga nakaligtaang Pag-aayuno. |
| Mga Ipinagbabawal | 1. Ang pagsasagawa ng Salah.<br>2. Ang pag-aayuno.<br>3. Ang pagsasagawa ng Tawaf.<br>4. Ang paghawak ng Qur-an ng walang sapin.<br>5. Ang pananatili sa Masjid.<br>6. Ang pakikipagtalik. | Walang mga Ipinagbabawal | 1. Ang pagsasagawa ng Salah.<br>2. Ang pag-aayuno.<br>3. Ang pagsasagawa ng Tawaf.<br>4. Ang paghawak ng Qur-an ng walang sapin.<br>5. Ang pananatili sa Masjid.<br>6. Ang pakikipagtalik. |
| Mga Alituntunin | 1. Gampanan ang mga gawaing pang-araw-araw.<br>2. Maaaring makipaglambingan sa asawa huwag lamang makikipagtalik. | gumamit ng pangsapin upang mapigilan ang pagtulo nito sa damit, o sa Masjid kapag ninais niyang magsagawa ng Tawaf sa Ka'bah o kapag magsasagawa ng Salah sa Masjid. | 1. Isasakatuparan ang Iddah ng babae kung hihiwalayan<br>2. Gampanan ang mga gawaing pang-araw-araw.<br>3. Maaaring makipaglambingan sa asawa huwag lamang makikipagtalik. |

(( SUSUBUKIN KO ANG AKING KAALAMAN ))

Sasagutin ko ang mga katanungang sumusunod:

1. Ano ang mga kalagayan na kailangang magsagawa ng Ghusl?
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------

2. Ipapaliwanag ko ang pamamaraan ng Ghusl?
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------

3. Maaari ba sa taong nasa kondisyon ng Junub na magsagawa ng Salah o magsagawa ng Tawaf sa Ka'bah?
--------------------------------------------------------------------------------

4. Babanggitin ko ang mga nagpapawalang-bisa sa Wudu?
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------
--------------------------------------------------------------------------------

Lalagyan ko ng tsek ( √ ) ang unahan ng pariralang tama at ekis ( X ) ang unahan ng pariralang mali.

- ☐ Ang nagsasagawa ng Wudu ay hahaplusin ang kanyang ulo at pagkatapos ay huhugasan ang kanyang mga kamay at braso hanggang sa mga siko.
- ☐ Ang mayroong Wudu kapag nautot bago magsagawa ng Salah, ay kailangang magsagawa muli ng Wudu.
- ☐ Hindi maaaring punasan ang mga Khuff o mga medyas kung hindi ito isinuot ng nasa Taharah.



IKATLONG ARALIN

# ANG SALAH AT PAGSASAULO NG KABANATA AL-FATIHAH

## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Mabanggit ang apat na bagay na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng Salah.
2. Maipaliwanag ang isa sa mga kahigtan ng Salah.
3. Mabanggit ang bilang ng mga Rak-ah ng mga ubligadong Salah.
4. Matukoy ang mga oras ng bawat Salah.
5. Mabasa ang Kabanata Al-Fatihah nang hindi tinitingnan.
6. Maisagawa ang pamamaraan ng Wudu at ng Salah.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Kahigtan ng Salah at Kahalagahan nito | 10 |
| Bilang ng mga Rak-ah ng mga ubligadong Salah at mga oras nito | 20 |
| Pagbabasa ng Kabanata Al-Fatihah Pagsasaulo | 25 |
| Balik-aral para sa Pagsasagawa ng Wudu at ng Salah | 20 |
| Pagsisiguro na nakamit ang mga hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Paskil ng kabuuang kaalaman tungkol sa kahigtan ng Salah.
2. Palatuntunan na napapalooban ng mga bilang ng Rak-ah ng Salah at mga oras nito.
3. Audio tape para sa pagtuturo ng Kabanata Al-Fatihah.





## UNA

## KAHALAGAHAN NG SALAH AT KAHIGTAN NITO

**Ang pagsasagawa ng Salah ay may dakilang kahalagahan sa Islam at ito ang:**

- Ikalawa sa limang haligi ng Islam.
- Tukod ng Islam na hindi maitatayo kung wala ito.
- Pangunahing tungkulin na ipinag-utos ni Allah ﷻ sa mga pagsamba.
- Pang-araw-araw na pagsamba at tungkuling nagpapanatiling ugnayan ng isang Muslim sa kanyang Panginoon.
- Isang simbolong lantad mula sa mga simbolo ng Islam.
- Unang bibilangin sa isang lingkod sa kanyang mga gawain sa araw ng paghuhukom, kung naging mabuti ay magiging mabuti din ang lahat ng gawaing pagsamba, ngunit kung hindi maging mabuti ay hindi din magiging mabuti ang lahat ng gawaing pagsamba.

Mababasa ang maraming Hadith tungkol sa kahigtan ng Salah at kasama na rito ang Hadith ni Abu Hurayrah ﵁. Sinabi niya: 'narinig ko ang Sugo ni Allah ﷺ na kanyang sinasabi:

" أَرَأَيْتُمْ لَوْ أَنَّ نَهْرًا بِبَابِ أَحَدِكُمْ يَغْتَسِلُ مِنْهُ كُلَّ يَوْمٍ خَمْسَ مَرَّاتٍ، هَلْ يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ،
قَالُوا لاَ يَبْقَى مِنْ دَرَنِهِ شَيْءٌ، قَالَ فَذَلِكَ مَثَلُ الصَّلَوَاتِ الْخَمْسِ يَمْحُو اللَّهُ بِهِنَّ الْخَطَايَا". (متفق عليه)

***"Ano sa palagay ninyo kung ang ilog ay nasa tapat ng pintuan ng isa sa inyo, naliligo rito nang limang beses bawat araw, may matitira pa bang libag sa kanyang katawan?*** Sinabi ng mga Sahabah, "Walang matitirang libag sa kanyang katawan" Sinabi ni Propeta Muhammad ﷺ: ***"Ganyan ang tulad ng limang beses na Salah, sa pamamagitan ng mga ito ay binubura ni Allah ﷻ ang mga kamalian."***

## PANGALAWA

### MGA ITINAKDANG TUNGKULIN NA SALAH (Mga Rak-ah at Oras Nito)

Itinakdang tungkulin ni Allah ﷻ sa lahat ng Kanyang lingkod ang limang beses na pagdarasal sa araw at gabi, ito ang **Salatul-Fajr**, **Salatul-Dhuhr, Salatul-Asr, Salatul-Maghrib** at **Salatul-Eisha**, ganun din na ito'y ipinag-utos na isagawa sa mga itinakdang oras nito tulad ng sinabi ni Allah ﷻ:

﴿إِنَّ الصَّلَاةَ كَانَتْ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ كِتَابًا مَّوْقُوتًا﴾ (النساء ١٠٣)

*"Katotohanan! ang Salah ay ipinag-utos sa mga mananampalataya sa takdang oras"*

**Mga Ubligadong Salah, mga pangalan nito, mga Rak-ah at mga oras nito at ito'y maliwanag sa talatuntunang sumusunod:**

**TAGUBILIN NG MGA RAK-AH AT MGA ORAS NG MGA TUNGKULING SALAH**

| MGA SALAH | MGA RAK-AH NITO (yunit) | MGA TAKDANG ORAS |
|---|---|---|
| Al-Fajr | 2 Rak-ah | bukang-liwayway bukang-liwayway hanggang sa pagsikat ng araw. |
| Al-Dhu'hr | 4 Rak-ah | Mula sa pagkababa na pagkababa ng tanghaling tapat hanggang sa tumulad ang bagay sa anino nito |
| Al-Asr | 4 Rak-ah | Mula sa pagkawala ng oras ng Dhuhr hanggang sa ang araw ay maging kulay dilaw bilang opsiyonal na pagtigil, at hanggang sa paglubog ng araw naman bilang ubligadong pagtigil. |
| Al-Magrib | 3 Rak-ah | Mula paglubog ng araw hanggang takip-silim. |
| Al-Eisha | 4 Rak-ah | Mula takip-silim hanggang sa kalagitnaan ng gabi. |

**MGA PALAISIPAN**

- Nagdasal ang isang lalaki ng Salatul-Dhuhr bago bumaba ang tanghaling-tapat, ang Salah ba niya ay tama?
- Nakatulog ang isang babae sa huling bahagi ng gabi, pagkatapos ay nagising at mataas na ang araw, ano ang masasabi mo sa kanya?
- May nalalaman ka pa bang ibang kahigtan ng Salah bukod sa mga nabanggit sa Aklat na ito?



IKATLONG ARALIN | ANG SALAH AT PAGSASAULO NG KABANATA AL-FATIHAH

## PANGATLO

### PAGSASAULO NG KABANATA AL-FATIHAH

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ۝١ ٱلۡحَمۡدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ۝٢ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ۝٣
مَٰلِكِ يَوۡمِ ٱلدِّينِ ۝٤ إِيَّاكَ نَعۡبُدُ وَإِيَّاكَ نَسۡتَعِينُ ۝٥ ٱهۡدِنَا ٱلصِّرَٰطَ
ٱلۡمُسۡتَقِيمَ ۝٦ صِرَٰطَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمۡتَ عَلَيۡهِمۡ غَيۡرِ ٱلۡمَغۡضُوبِ عَلَيۡهِمۡ وَلَا ٱلضَّآلِّينَ ۝٧

**KABANATA AL-FATIHAH**

Sa ngalan ni Allah, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

*"Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh Panginoon ng lahat ng nilikha, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain, Ang Hari ng Araw ng paghuhukom, Ikaw lamang ang aming sinasamba at Ikaw lamang ang aming hinihingan ng tulong, Patnubayan Mo kami sa tuwid na landas, Ang landas ng Iyong pinagpala, Hindi ng mga isinumpa at nangaligaw."*

## IKAAPAT

### PAGSASAKATUPARAN NG WUDU AT NG SALAH

1. Pagsasagawa ng Wudu.
2. Pagsasagawa ng Salah nang dalawang beses o humigit pa.
3. Pagpunta sa Masjid upang isagawa rito ang Salah kasama ng grupo at para makita ang mga tao na nagsasagawa ng Salah.

## (( SUSUBUKIN KO ANG AKING KAALAMAN ))

1) Babasahin ko ang Kabanata Al-Fatihah.

2) Isusulat ko ang tamang bilang ng Rak-ah sa pagitan ng dalawang saklong.

Bilang ng Rak-ah sa Salatul-Esha ( )

Bilang ng Rak-ah sa Salatul-Dhuhr ( )

Bilang ng Rak-ah sa Salatul-Maghrib ( )

Bilang ng Rak-ah sa Salatul-Fajr ( )

Bilang ng Rak-ah sa Salatul-Asr ( )

3) Isusulat ko ang kulang sa mga sumusunod:

A. Oras ng Salatul-Maghrib ay .................................................................................. .

B. Oras ng Salatul-Dhuhr ay .................................................................................. .

K. Tungkulin ng isang Muslim .............................. mga Salah sa araw at gabi.

4) Babanggitin ko ang isang Hadith tungkol sa kahigtan ng Salah.

-----------------------------------------------------------------------------------------

-----------------------------------------------------------------------------------------

-----------------------------------------------------------------------------------------

5) Lalagyan ko ng tsek ( ✓ ) ang unahan ng tamang pangungusap at ekis ( X ) ang unahan ng maling pangungusap.

- [ ] Sa pamamagitan ng Salah ay binubura ni Allah ﷻ ang mga kamalian.
- [ ] Ang oras ng Salatul-Asr ay mula sa pagkawala ng Salatul-Dhuhr hanggang sa maging dilaw na ang araw.
- [ ] Ang oras ng Salatul-Fajr ay mula sa pagsikat ng bukang-liwayway hanggang sa Salatul-Dhuhr.
- [ ] Ipinag-utos ni Allah ﷻ sa mga lingkod Niya ang limang beses na Salah sa araw at gabi.



IKAAPAT NA ARALIN

# PAMAMARAAN NG SALAH AT PAGSASAULO NG TASHAH-HUD

## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Masabi ang bilang ng mga kailangang gawin bago magsagawa ng Salah.
2. Maipaliwanag ang pamamaraan ng Salah.
3. Maisagawa ang Salah sa tamang mga galaw nito at mga sinasabi.
4. Mabasa ang Tashah-hud nang hindi tinitingnan at walang pagkakamali.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Paliwanag ng Pamamaraan ng Salah | 25 |
| Pagsasagawa ng Salah | 20 |
| Pagbabasa ng Tashah-hud para isaulo | 30 |
| Pagsisiguro na naabot ang mga hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Video tape para sa pamamaraan ng Salah.
2. Mga larawan ng pamamaraan ng Salah.
3. Audio tape para sa pagtuturo ng Tashah-hud.
4. Talatuntunang may mga Adhkar ng Salah.



IKAAPAT NA ARALIN — PAMAMARAAN NG SALAH AT PAGSASAULO NG TASHAH- HUD

UNA

## PAMAMARAAN NG SALAH

### BAGO ANG SALAH

Kapag ninais kong magsagawa ng Salah ay kailangan ko:

- Ang pagsisiguro na pumasok na ang oras ng Salah (nauna nang nabanggit ang mga oras nito)
- Ang Taharah mula sa Hadath Akbar at Asgar[4].
- Ang Taharah sa katawan, damit at sa lugar na pinagdarausan ng Salah.
- Ang Pagtakip sa Awrah.
- Ang Pagharap sa Qiblah at ito ang Ka'bah.
- Ang Layunin, ito ang isapuso ang pagsambang isasagawa.
- Ang Pagtayo kung ito'y makakaya.

### PAGSASAGAWA NG SALAH

Pagkatapos ay sisimulan ko ang mga gawain sa Salah, tulad ng mga sumusunod:

1. Sasabihin ko ang Takbiratul-Ihram, ang "ALLÁHU AKBAR" (si Allah ang pinakadakila) habang nakatitig sa lugar na pinagpapatirapaan ko.

[4] *Ang Hadath Akbar; ito ang kinakailangan ng paliligo at ang Hadath Asgar; ito ang mga nakasisira sa Wudu.*

2. Itataas ko ang aking mga kamay sa pagsasagawa ng Takbiratul-Ihram, pantay sa mga balikat o sa mga tainga. (tingnan ang larawan 1 at 2)



1 larawan ng pagtaas sa mga kamay pantay sa mga balikat.



2 larawan ng pagtaas sa mga kamay pantay sa tainga.

3. Ilalagay ko ang mga kamay sa ibabaw ng aking dibdib, ang kanan ay sa ibabaw ng kaliwa. (Tingnan ang larawan 4)



3 larawang paharap ng paglagay ng mga kamay sa ibabaw ng dibdib.



4 larawang patagilid ng paglagay ng mga kamay sa ibabaw ng dibdib.



IKAAPAT NA ARALIN
PAMAMARAAN NG SALAH AT PAGSASAULO NG TASHAH- HUD

4. Babasahin ko ang panalanging pambungad.

(سبحانك اللهم وبحمدك، وتبارك اسمك، وتعالى جدك، ولا إله غيرك)

**"SUBHÁNAKA ALLÁHUM-MA WABIHAMDIKA, WATABÁRAKASMUKA, WATA-ÁLÁ JAD-DUKA, WALÁ ILÁHA GHAYRUKA".**
(Sumaiyo O Allah, ang kaluwalhatian at kapuri-puri Ka, at luwalhatiin ang Iyong pangalan at kataas-taasan ang Iyong Karangalan at walang ibang diyos maliban sa Iyo).

5. At pagkatapos ay sasabihin ko:

( أعوذ بالله من الشيطان الرجيم )

**"A-ÚDHU BILLÁHI MINASH SHAYTÁNIR RAJÍM"**
(Ako ay nagpapakupkop kay Allah mula kay Satanas na isinumpa)

(بسم الله الرحمن الرحيم)

**BISMILLÁHIR RAHMÁNIR RAHÍM**
(sa ngalan ni Alláh, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin)
At pagkatapos ay babasahin ko ang Kabanata Al-Fatihah:
At pagkatapos ay sasabihin ko ang "Ámeen" (tanggapin Mo po sa amin O Alláh), ilalakas kung sa Salah na malakas ang pagbasa at ihihina sa ibang Salah na mahina ang pagbasa.

6. At Pagkatapos ay magbabasa ako ng makakayang (Talata o Kabanata) mula sa Qur-an.

7. Magsasagawa ako ng Ruku' (pagyuko) habang sinasabi ang "ALLÁHU AKBAR"
   **A.** Nakataas ang aking mga kamay pantay balikat o sa tainga (tingnan ang larawan 1 at 2)
   **B.** Itutuwid ko ang aking ulo na pantay sa aking likod, habang ang aking paningin ay nakatitig sa lugar ng aking pinagpapatirapaan.
   **K.** Ihahawak ko ang aking mga kamay sa ibabaw ng aking mga tuhod habang nakabuka ang aking mga daliri
   **D.** Magiging mahinahon ako habang nakayuko, at sasabihin ko ang:

(سبحان ربي العظيم)

**SUBHANA RAB-BIYAL-ADHÍM**
"Luwalhatiin ang aking Panginoon, ang Pinakadakila"
Uulit-ulitin ko ito nang tatlong beses o higit pa. (Tingnan ang larawan 5)

5 larawan ng pagsasagawa ng Ruku'.



8. Itataas ko ang aking ulo mula sa pagkakayuko'.
   **A.** Habang nakataas ang dalawa kong kamay pantay sa mga balikat o tainga (tingnan ang larawan 1 at 2)
   **B.** Habang sinasabi ang:

(سمع الله لمن حمده)

**SAMI-ALLÁHU LIMAN HAMIDAH**
"Narinig ni Alláh ang sinumang pumuri sa Kanya"
(Ito ay kung ako ang Imám o di kaya'y mag-isang nagsasagawa ng Salah).

   **K.** At sasabihin ko kapag nakatayo na ng matuwid ang:

(ربنا ولك الحمد)

**RAB-BANÁ WALAKAL-HAMD**
"Aming Panginoon, para sa Iyo lamang ang lahat ng papuri "

9. Magpapatirapa ako habang sinasabi ang "ALLAHU AKBAR". Ang Pagpapatirapa ay sa pamamagitan ng pitong bahagi ng katawan:
   1. Ang nuo kasama ang ilong.
   2-3. Ang dalawang kamay (palad).
   4-5. Ang dalawang tuhod.
   6-7. Mga daliri ng dalawang paa at nakatukod lahat sa sahig paharap sa Qiblah.

   At sasabihin ko ang:

( سبحان ربي الأعلى )

**SUBHÁNA RAB-BIYAL A'LA**
"Luwalhatiin ang aking Panginoon ang Kataas-taasan "
Uulit-ulitin ko ito nang tatlong beses o higit pa. (tingnan ang larawan 6 at 7)



6 larawang patagilid ng pagpapatirapa.



7 larawang patalikod ng pagpapatirapa habang nakatukod ang mga daliri ng paa.





10. Itataas ko ang aking ulo habang sinasabi ang "ALLAHU AKBAR".
   A. Ilalatag ko ang aking kaliwang paa at uupuan ko ito.
   B. Itutukod ko ang aking kanang paa.
   K. Ipapatong ko ang aking dalawang kamay sa ibabaw ng aking hita o tuhod.
   D. At sasabihin ko ang:

(ربّ اغفر لي)

**RAB-BIGH-FIRLÍ**
"Panginoon ko, ako ay patawarin Mo"

   E. Magiging mahinahon ako habang nakaupo. (tingnan ang larawan 8 at 9)



8 larawang paharap ng pag-upo at pagpapakita ng pagpatong ng mga kamay sa mga hita o tuhod.

9 larawang patalikod ng pag-upo at pagpapakita ng mga paa.



11. Magpapatirapa ako para sa ikalawang Sujud habang sinasabi ang "ALLÁHU AKBAR", at gagawin ko rito kung ano ang ginawa ko sa unang Sujud.

12. Pagkatapos ay tatayo ako para sa ikalawang Rak-ah habang sinasabi ang " ALLÁHU AKBAR ", at gagawin ko rito ang ginawa ko sa unang Rak-ah.
   (sisimulan ko agad sa pagbabasa ng: BISMILLÁHIR RAHMÁNIR RAHÍM at babasahin ko ang Kabanata Al-Fatihah)

13. At uupo ako pagkatapos ng ikalawang Sujud, at babasahin ko ang Tashah-hud at pagbati kay Propeta Muhammad ﷺ.

14. At pagkatapos ay magsasagawa ako ng Taslím, lilingon sa kanan at pagkatapos ay sa kaliwa, habang sinasabi ang:

(السلام عليكم ورحمة الله)

**AS-SALÁMU ALAYKUM WARAH-MATULLÁH**

"Ang kapayapaan ay sumainyo at ang habag ni Allah"

Para lumabas at tapusin ang Salah, kung ito'y dalawang Rak-ah. (tingnan ang larawan 10 at 11)



10 larawan ng Taslím sa kanan.

11 larawan ng Taslím sa kaliwa.



15. Kapag ang Salah ay pangtatlong Rak-ah o kaya ay pang-apat na Rak-ah, kailangan kong tumayo pagkatapos mabasa ang Tashah-hud, habang sinasabi ang "ALLÁHU AKBAR", nakataas ang dalawa kong kamay, at gagawin ko rito ang ginawa ko sa unang Rak-ah. (mag-uumpisa sa Bismillah at babasahin agad ang Al-Fatihah) at mas paiiksiin ko ang (tagal ng) pagtayo (rito kaysa sa mga naunang pagtindig) sa pamamagitan ng pagbasa ng kabanata Al-Fatihah lamang.



IKAAPAT NA ARALIN
PAMAMARAAN NG SALAH AT PAGSASAULO NG TASHAH- HUD

16. Uupo ako para sa ikahuling Tashah-hud sa mga Salah na tatlong Rak-ah o apat nang pag-upong Tawar-ruk.
**Ang Tawar-ruk** :ay ang itutukod ko ang aking kanang paa (sa sahig) na nakaharap sa Qiblah ang mga daliri ng paa, at ilalagay ko ang aking kaliwang paa sa ilalim ng kanang binti at ilalapat ko ang aking puwitan sa sahig. (tingnan ang larawan 12)

12 larawan ng Tawar-ruk.



## MGA PALAISIPAN

- Nagsagawa ng Salatul-Asr ang isang lalaki, sa unang Rak-ah ay nagsagawa ng Sujud at hindi muna nagsagawa ng Ruku', ang kanya bang Salah ay tama?
- Nagsagawa ng Salah ang isang lalaki, at sa Madinah siya nakaharap, ano ang hatol sa kanyang Salah?
- Nagsagawa ng Salah ang isang lalaki bago pumasok sa takdang oras nito, ano ang hatol sa kanyang Salah?

## PANGALAWA

### PAGSASAULO NG TASHAH-HUD

Kapag itataas ko na ang aking ulo (mula sa pagkakapatirapa) pagkatapos ng pangalawang Rak-ah ng Salah, uupo ako at babasahin ko ang Tashah-hud, at babasahin ko rin ito sa huling pag-upo pagkatapos ng ikatlong Rak-ah o di kaya ay ikaapat na Rak-ah, at ito ang:

(التحيات لله، والصلوات والطيبات، السلام عليك أيها النبي ورحمة الله وبركاته، السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين، أشهد أن لا إله إلا الله، وأشهد أن محمداً عبده ورسوله).

**AT-TAHIY-YÁTU LILLÁHI WAS-SALÁWATU WAT-TAY-YIBÁTU AS-SALÁMU ALAYKA AY-YUHAN-NABIY-YU WARAHMATULLÁHI WABARAKÁTUH, AS-SALÁMU ALAYNÁ WA ALÁ IBÁDILLÁHIS-SALIHÍN, ASH-HADU AN LÁ ILÁHA IL-LALLÁH WA ASH-HADU AN-NA MUHAMMADAN ABDUHU WA RASÚLUH**

"Ang mga pagbati ay para lamang kay Alláh, at mga panalangin at mga mabubuti, ang pinakaganap na kapayapaan ay suma-iyo o Propeta (Muhammad) at ang habag ni Alláh at mga pagpapala Niya. Ang kapayapaan ay mapasa-amin at sa mga butihing lingkod ni Alláh, ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Alipin at Sugo ni Alláh".

## PANGATLO

### KABANATA AL-FATIHAH (balik-aral sa pagsasaulo)

## PANG-APAT

### ANG WUDU AT ANG SALAH (balik-aral sa pagsasagawa)





### TAGUBILIN NG MGA DU-A SA SALAH

| Pangalan ng Du-a | Lugar nito sa Salah | Ang Binabasa |
|---|---|---|
| At-Takbír | Para pumasok sa Salah at sa bawat paglipat (ng pustura) mula sa tinatawag na Rukn (haligi ng Salah) tungo sa ibang Rukn. | ALLÁHU AKBAR |
| Panalanging Pambungad | sa unang pagtindig | SUB-HÁNAKA ALLÁHUM-MA WABIHAMDIKA, WATABÁRAKASMUKA, WATA-ÁLA JAD-DUKA, WALÁ ILÁHA GHAYRUKA |
| Pagpapakupkop | Bago basahin ang Kabanata Al-Fatihah (sa unang pagtindig) | A-UDHU BILLÁHI MINAS-SHAYTÁNIR-RAJIM |
| Basmalah | tuwing babasahin ang Kabanata Al-Fatihah (at sa bawat pagbasa ng umpisa ng Kabanata sa Qur-an) | BISMILLÁHIR RAHMÁNIR RAHÍM |
| Al-Fatihah | Pagtindig | Nauna nang naipaliwanag |
| Ta'mín | Pagkatapos mabasa ang Al-Fatihah | AMEEN |
| Tasbíhur Ruku' | Ruku' (pagyuko) | SUBHÁNA RAB-BIYAL ADHÍM |
| At-Tasmí' | Habang tumatayo galing sa Ruku' | SAMI ALLAHU LIMAN HAMIDAH |
| At-Tahmíd | kapag nakatayo na nang matuwid galing sa Ruku' | RAB-BANÁ WALAKAL-HAMD |
| Tasbíhus Sujud | Sa Sujud (pagpapatirapa) | SUBHÁNA RAB-BIYAL A'LA |
| Al-Istighfár | Sa Pagitan ng dalawang Sujud (habang nakaupo) | RAB-BIGH-FIRLÍ |
| At-Tashah-hud | Sa unang pag-upo upang isagawa ang unang Tashah-hud, pagkatapos ng dalawang Rak-ah At sa kahuli-hulihang pag-upo pagkatapos ng ikatlong Rak-ah o di-kaya ay ikaapat na Rak-ah | Nauna nang naipaliwanag |
| As-Salátu Alan-Nabie | Sa ikahuling pag-upo | Susunod ang pagpapaliwanag nito |
| At-Taslím | Upang lumabas sa Salah | AS-SALÁMU ALAYKUM WARAHMATULLÁH |

## (( SUSUBUKIN KO ANG AKING KAALAMAN ))

**Babasahin ko ang:**

1. Kabanata Al-Fatihah.
2. Ang Tashah-hud.

**Ilan ang Ruku' at Sujud sa isang Rak-ah?**

..........................................................................................................

**Lalagyan ko ng tsek ( ✓ ) ang unahan ng tamang pangungusap at ng ekis ( X ) sa unahan ng maling pangungusap.**

- [ ] Tatayo ang Musal-li (nagsasagawa ng Salah) at magsasagawa ng Sujud at magsasagawa ng Ruku'.
- [ ] Itataas lamang ang dalawa niyang kamay sa Takbíratul-Ihrám.
- [ ] Magsasagawa ng Ruku' ang Musal-li sa unang Rak-ah at pagkatapos ay tatayo upang isagawa ang ikalawang Rak-ah.
- [ ] Babasahin ng Musal-li ang Kabanata Al-Fatihah pagkatapos ng Ta-aw-wadh (pagpapakupkop) at Basmalah.
- [ ] Babasahin ng Musal-li ang Tashah-hud sa pagitan ng dalawang Sujud.
- [ ] Magtataslim ang Musal-li sa kanan pagkatapos ay sa kaliwa upang lumabas sa Salah.

**Pagtutugmain ko ang mga salitang nasa pagitan ng Talaang ( A ) at Talaang ( B )**

| Talaang ( A ) | Talaang ( B ) |
|---|---|
| Ang Pagpapakupkop | SUBHÁNA RAB-BIYAL A'LA |
| Pagluwalhati habang naka Ruku' | SUBHÁNA RAB-BIYAL ADHÍM |
| Pagluwalhati habang naka Sujud | AS-SALÁMU ALAYKUM WARAHMATULLÁH |
| At-Taslím | A-UDHU BILLÁHI MINAS-SHAYTÁNIR-RAJIM |
| | SAMI ALLAHU LIMAN HAMIDAH |



## IKALIMANG ARALIN

# PAGSASAULO NG AS-SALATU ALAN-NABÍ.

## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Maisaulo ang As-Salatu Alan-Nabí (pagbati kay Propeta Muhammad ﷺ.
2. Maisaulo nang wasto ang Kabanata Al-Fátihah at ang Tashah-hud.
3. Maisagawa ang Salah ng tamang pagsasagawa kasamang mabigkas ng tama ang Al-Fatihah at Tashah-hud.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Pagsasaulo ng As-Salatu Alan-Nabí | 25 |
| Al-Fatihah at Tashah-hud – balik-aral | 25 |
| Pagsasagawa ng kompletong Salah | 25 |
| Pagsisiguro na naabot ang mga hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Audio tape para sa pagtuturo ng As-Salatu Alan-Nabí ﷺ.
2. Ibat ibang uri ng paskil na nagtatalakay sa As-Salatu Alan-Nabí ﷺ,na isasaayos ng Bagong Muslim nang magkasunud-sunod.





**UNA**

**PAGSASAULO NG AS-SALATU ALAN-NABI ﷺ**

Pagkatapos mabasa ang Tashah-hud ay babasahin ko ang pagbati kay Propeta Muhammad ﷺ at ito ang:

الصلاة على النبي ﷺ: (اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، وبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ
وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ).

**ALLÁHUM-MA SAL-LI ALÁ MUHAMMAD WA-ALÁ ÁLI MUHAMMAD, KAMÁ SAL-LAYTA ALÁ IBRAHÍM WA-ALÁ ÁLI IBRAHÍM, IN-NAKA HAMÍDUN MAJÍD, WA-BÁRIK ALÁ MUHAMMAD, WA-ALÁ ÁLI MUHAMMAD KAMÁ BÁRAKTA ALÁ IBRAHÍM WA-ALÁ ÁLI IBRAHÍM IN-NAKA HAMÍDUN MAJÍD.**

"O Alláh, pagpalain Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad, tulad ng pagpala Mo kay Ibrahím at sa mag-anak ni Ibrahím, tunay na Ikaw ay kapuri-puri at maluwalhati. O Alláh, biyayaan Mo po si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad tulad ng pagbiyaya Mo kay Ibrahím at sa mag-anak ni Ibrahím tunay na Ikaw (Allah) ay kapuri-puri at maluwalhati".

**PANGALAWA**

**KABANATA AL-FATIHAH AT TASHAH-HUD (Pagsasaulo - Balik-aral)**

**PANGATLO**

**PAGSASAGAWA NG WASTONG SALAH KASAMA ANG AL-FATIHAH AT TASHAH-HUD**

IKAANIM NA ARALIN

# PAGSASAULO NG KABANATA AL-IKHLÁS



## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Maisaulo ang Kabanata Al-Ikhlas.
2. Maisaulo nang wasto ang Kabanata Al-Fatihah.
3. Maisaulo nang wasto ang Tashah-hud.
4. Maisaulo nang wasto ang As-Salatu Alan-Nabí ﷺ.

## MUNGKAHING PAGBABAHAGI NG ORAS PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
| --- | --- |
| Pagsasaulo ng Kabanata Al-Ikhlas | 25 |
| Kabanata Al-Fatihah – balik-aral | 10 |
| Tashah-hud – balik-aral | 10 |
| As-Salatu Alan-Nabí ﷺ. – balik-aral | 10 |
| Pagsasagawa ng kompletong Wudu at Salah | 20 |
| Pagsisiguro na naabot ang mga hangarin | 15 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Audio tape para sa pagtuturo ng Kabanata Al-Ikhlas.
2. Paskil ng Kabanata Al-Ikhlas.

UNA

PAGSASAULO NG KABANATA AL-IKHLAS

بسم الله الرحمن الرحيم

﴿ قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ. اللَّهُ الصَّمَدُ. لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ. وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ﴾

Sa ngalan ni Alláh, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin.
*"Sabihin: Siya si Alláh ang Nag-iisa,. Si Allah ang walang hanggan, ang ganap, Sandigan ng lahat,. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak,. At Siya ay walang katulad".*

PANGALAWA

ANG KABANATA AL-FATIHAH
(Pagsasaulo - Balik-aral)

PANGATLO

ANG TASHAH-HUD AT ANG AS-SALATU ALAN-NABI ﷺ
(Pagsasaulo - Balik-aral)

PANG-APAT

ANG WUDU AT ANG SALAH
(pagsasagawa sa Wastong Pamamaraan - Balik-aral)



## IKAPITONG ARALIN

# PAGSASAULO NG KABANATA AL-ASR AT AL-KAWTHAR

## MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

Inaasahan mula sa Bagong Muslim na sa kanyang pagtatapos sa mga dapat mapag-aralan sa Aklat na ito ay:

1. Maisaulo ang Kabanata Al-Asr.
2. Maisaulo ang Kabanata Al-Kawthar.
3. Maisaulo ng wasto ang Kabanata Al-Fatihah.
4. Maisaulo ng wasto ang Kabanata Al-Ikhlas.
5. Maisaulo ng wasto ang Tashah-hud.
6. Maisaulo ng wasto ang As-Salatu Alan-Nabí ﷺ.

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

| Paksa | Minuto |
|---|---|
| Pagsasaulo ng Kabanata Al-Asr | 20 |
| Pagsasaulo ng Kabanata Al-Kawthar | 20 |
| Kabanata Al-Fatihah- balik-aral | 10 |
| Kabanata Al-Ikhlas – balik-aral | 5 |
| Tashah-hud – balik-aral | 5 |
| As-Salatu Alan-Nabí ﷺ. – balik-aral | 5 |
| Pagsasagawa ng Wudu at ng Salah | 15 |
| Pagsisiguro na naabot ang mga hangarin | 10 |

## MGA MUNGKAHING KASANGKAPAN PARA SA PAG-AARAL

1. Audio tape para sa pagtuturo ng Kabanata Al-Asr at Al-Kawthar.
2. Paskil para sa Kabanata Al-Asr.
3. Paskil para sa Kabanata Al-Kawthar.



IKAPITONG ARALIN | PAGSASAULO NG KABANATA AL-ASR AT AL-KAWTHAR

UNA

## PAGSASAULO NG KABANATA AL-ASR

سورة العصر

بسم الله الرحمن الرحيم

﴿ وَالْعَصْرِ(١)إِنَّ الإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ(٢) إِلاَّ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ(٣) ﴾

*"Sumusumpa si Allah sa panahon, katotohanan, ang lahat ng tao ay nasa pagkalugi, maliban sa mga taong nanampalataya at nagsagawa ng mga kabutihan at nagpapayuhan ng katotohanan at nagpapayuhan ng pagtitimpi".*

## IKALAWA : PAGSASAULO NG KABANATA AL-KAWTHAR

سورة الكوثر

بسم الله الرحمن الرحيم

﴿ إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ(١)فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَانْحَرْ(٢)إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ٣ ﴾

*"Katotohanan, Aming ipinagkaloob sa iyo ang maraming kabutihan (ang ilog sa paraiso na ang pangalan ay Al-Kawthar). At magsagawa ka ng pagdarasal para sa iyong Panginoon at mag-alay ka. Katotohanan, ang sinumang mapoot sa iyo (O, Muhammad) siya ang pagkakaitan (ng lahat ng kabutihan)".*

PANGALAWA

ANG KABANATA AL-FATIHAH AT AL-IKHLAS
(balik-aral sa pagsasaulo)

PANGATLO

ANG TASHAH-HUD AT ANG AS-SALATU ALAN-NABI ﷺ
(balik-aral sa pagsasaulo)

PANG-APAT

ANG WUDU AT ANG SALAH
(balik-aral sa pagsasagawa nang wastong pamamaraan nito)



# PAGSISIGURO SA IYONG PAG-UNAWA MULA SA MGA ARALIN

Kabuuang Marka ng Pagsusulit (100 Puntos)

**Paunawa sa Pagsasakatuparan ng Pagsusulit:**

1. Sa simula pa ay ipapaalam na ng Tagapagturo na mayroong pagsusulit na magaganap sa pagtatapos ng pag-aaral.
2. Ang pinakamababang marka sa pagsusulit na ito ay (80) marka sa kabuuan ng lahat ng puntos.
3. Kapag hindi naabot ang pinakamababang marka ay iminumungkahing ulitin ang pag-aaral kung saan paksa siya hindi pumasa.

1\ Banggitin ang mga Haligi ng Iman. *12*

........................................................................

........................................................................

........................................................................

........................................................................

2\ Banggitin ang mga haligi ng Islam. *10*

........................................................................

........................................................................

........................................................................

........................................................................

### 3\ Ano ang gagawin mo sa mga kalagayang sumusunod? 15

A- Nawalan ng bisa ang iyong Wudu sa pamamagitan ng pag-utot habang nagsasagawa ng Salah?

--------------------------------------------------------------------------------

B- Nakita mo ang bakas ng semen sa iyong damit pagkagising mo?

--------------------------------------------------------------------------------

K- Nais mong magsagawa ng Salah at ika'y walang Wudu?

--------------------------------------------------------------------------------

D- Nagsagawa ka ng Wudu at nakalimutan mong hugasan ang iyong mga paa?

--------------------------------------------------------------------------------

E- Nagsagawa ka ng Wudu at pagkatapos ay nakatulog ka pagkatapos ay nagising ka at nais mong magsagawa ng Salah?

--------------------------------------------------------------------------------

### 4\ Tukuyin ang mga Rak-ah ng bawat Salah na sumusunod: 10

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1- Al-Fajr | (   ) | 4- Al-Maghrib | (   ) |
| 2- Al-Dhuhr | (   ) | 5- Al-Esha | (   ) |
| 3- AL-Asr | (   ) | | |



### Sa Pagsasagawa:

1\ Isagawa ang Wudu 15

2\ Isagawa ang Salah 25

3\ Iparinig ang Kabanata Al-Fatihah 7

4\ Iparinig ang Kabanata Al-Kawthar at Al-Ikhlas 6